

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inaanunsyo ng Lungsod ng Brampton ang COVID 19 Task Force sa Suporta sa mga Senior ng Mayor

BRAMPTON, ON (Marso 18, 2020) – Sa araw na ito, inanunsyo ng Lungsod ng Brampton ang ikatlong specialized task force para suportahan ang lokal na ekonomiya at mahihinang mga komunidad: ang COVID-19 Task Force sa Suporta sa mga Senior ng Mayor.

Ikino-co-chair nina Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8, at Gurpreet Dhillon, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10, itong specialized team ay tutulong sa pag-coordinate ng access sa impormasyon at mga resource na pinaka-kinakailangan ng mga senior citizen sa panahong ito.

Ang pangkat na ito ay mahigpit na makipagtulungan sa Emergency Operations Centre ng Lungsod ng Brampton at sa kawani ng Lungsod sa pangangasiwa sa epektibong tugon para pangunahan ang COVID-19.

Ang anunsiyo sa araw na ito ay kasunod ng paglunsad kahapon ng COVID-19 Task Force sa Suporta at Pag-recover sa Ekonomiya ng Mayor at Task Force sa Panlipunang Suporta ng Mayor. Basahin ang mas marami pa [dito](#).

Kumonekta sa amin

Ang mga indibidwal na naghahangad na gawin ang kanilang parte at tutulong sa pagsuporta sa mga mga pagsisikap sa pagtulong ng Lungsod kaugnay ng COVID-19 ay maaaring kumonekta sa amin sa pamamagitan ng email:

- COVID-19 Task Force sa Suporta sa Ekonomiya at Pagtulong ng Mayor - Covid19business@brampton.ca
- COVID-19 Task Force sa Panlipunang Suporta ng Mayor - Covid19support@brampton.ca
- COVID-19 Task Force sa Suporta sa mga Senior ng Mayor - Covid19seniors@brampton.ca

Dagdag na Impormasyon

Para sa pinaka-huling mga update at mga madalas na itinatanong (FAQs) tungkol sa mga serbisyo ng Lungsod, at mga pagsasara ng pasilidad at programa, pakibisita sa www.brampton.ca/covid19.

Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon mula sa Peel Public Health, bumisita sa: www.peelregion.ca/coronavirus.

Quote

“Kahit na nananatiling sarado ang CityHall para protektahan ang mga residente at mga empleyado ng Brampton, patuloy na nagtatrabaho ang Konseho para matiyak na tayo ay nagtutulungan para suportahan ang lokal na ekonomiya at ang mahihinang mga komunidad. Ang bagong task force na ito ay magtitiyak na inaalagaan natin ang mga senior ng Brampton sa pamamagitan ng pagtulong sa paggo-grocery at pagkuha sa mga gamot. . Kasama ang ating mga stakeholder, committed tayo sa pagpapababa ng epekto ng COVID-19 sa Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca